# Ang Kuwento ng Rice Cooker, Ampalaya, at Karne Norte sa Panahon ng Lockdown

*Mark Angeles*

Hindi raw dapat tinatanggihan ang grasya. Pero paano kung disgrasya ang hatid nito sa atin? Halimbawa, pagkalason ng katawan, na kung minsa'y hindi agad mapapansin, at maaaring humantong sa kamatayan.

Nakatira ako sa pinakaunang barangay na isinailalim sa total lockdown sa lungsod na dating sentro de-grabidad ng Katipunan. Nangyari ito mula Mayo 13 hanggang 20, 2020. Kaya, mula noong Mayo 16, habang ang Metro Manila at ilang probinsiya ay nakatawid na sa Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) at naka-General Community Quarantine (GCQ) na ang iba pa, parang "may shooting" sa komunidad namin: nakaselda kami sa kani-kaniyang bahay, abandonado ang mga kalsada at eskinita, habang bantay-sarado ng mga pulis at ng mga opisyal ng barangay at City Hall ang lahat ng mga entrada.

Dagdag na pagsubok at pakikipagsapalaran sa pagluluto ang pagpataw ng total lockdown. Bago pa mangyari ito, mahigit isang taon na akong nakikipagmatigasan sa despalinghadong nagbebenta ng kinakalawang na tangke ng gasul. Napilitan na akong magluto ng ulam sa rice cooker na pandalawang takal. Naisalang ko na roon ang sari-saring adobo, nilaga, at dinengdeng. Maski tapioca pearls ay doon ko ginawa, mula sa pinaghalong pulbos ng tapioca starch at muskubadong asukal. Nagpiprito ako roon ng deep fried na manok at porkchop—isang bagay na hindi ko raw dapat gawin. Siguro, naghihintay na lang ng sariling sentensiya ang rice cooker. Isang cardiac arrest at hindi na iyon gumana noong Abril 2020. Mabuti

na lang at may naitago akong pang-single na rice cooker sa bodega—kasya sa isang takal, para sa tiyahin ko, noong nabubuhay pa siya, dahil ayaw niya ng brown rice na nahinog sa gulugod ng Cordillera.

Nakatulong ang dalawang rice cooker na ito sa pagsasaing ko at pagluluto ng mga de-lata galing sa limang food pack na ibinigay sa amin mula nang mag-quarantine. Sa sandosenang de-lata galing sa mga food pack, may naligaw na apat na karne norte. Kakaiba ang mga de-latang corned beef na iyon. Hindi pamilyar ang brand. Hindi ko alam kung paano idedespatsa ang mga iyon, lalo na't trigger ng gout attack. Isang linggo matapos ang total lockdown, naisipan kong isahog iyon sa ginisang ampalaya.

Naggayat ako ng bawang at sibuyas. Hiniwa ko ang ampalaya, tinungkab ng kutsara ang mga buto, minasahe ng asin, saka hinilamusan ng mainit na tubig. Sa paraang ito, mawawala raw ang pait. Tapos ko nang ihanda ang mga rekado nang matuklasan kong hindi umiilaw ang rice cooker. Nakasira na naman ako. Sa halip na sa basurahan ang ending ng mga pinaghihiwa ko, naisipan kong i-pm sa Facebook si Ate Aileen, isa sa mga nagtitinda sa suki kong karinderyang ilang linggo nang sarado dahil sa quarantine.

Isinupot ko ang mga hiniwa kong bawang, sibuyas, at ampalaya. Suot ang face mask, itinakbo ko sa bahay ni Ate Aileen ang mga rekado, bitbit ang dalawang lata ng karne norte. Nasa bungad ng kalye ang bahay niya, habang kami ay nasa looban ng eskinita.

Binalikan ko ang putahe matapos ang kalahating oras ng pagluluto.

"Ngayon ko lang nalaman 'yan. Puwede palang isahog sa ampalaya ang corned beef," habol ni Ate Aileen nang iabot niya sa akin ang bersiyon ko ng ginisang ampalaya. Napangiti ako at pinayuhan siyang subukan iyon. Putahe na ito sa bahay namin, kahit noong hindi pa ako tinutubuan ng bigote. Masarap, dahil kumakapit sa ampalaya ang linamnam ng corned beef.

Makalipas ang ilang araw, may kumalat na balita sa social media na ang brand ng karne norteng ipinamudmod sa amin at sa iba pang lugar ay hindi pa aprubado ng Department of Trade and Industry. May ilang

netizen na nag-post ng mga karne norteng mapusyaw ang kulay kompara sa mga ibinebenta sa grocery. Mayroon daw kakaibang amoy ang sa iba. Inisnab daw iyon maski ng mga alaga nilang hayop.

Apat na de-lata na ang nabuksan ko at nailuto. Hindi bumaliktad ang sikmura ko, sa awa ng kung sinong Bathala. Sa hindi malamang dahilan, hindi na rin ipina-recall ng City Hall ang mga ipinamudmod nilang karne norte. Nakakapanghinayang naman kung itatapon ko, lalo't dumami ang nawalan ng trabaho at natutulog sa kalsada. Nakakatakot namang ipamigay sa mga nangongolekta ng basura, lalo't may tsansang makasasama sa kalusugan ang mga hindi pa nabuksan. Isang tanong ang naiwan sa isip ko: Protektado pa ba ng RA 7394 o 'The Consumer Act of the Philippines' ang mga ayuda? Dapat malinaw ito sa lahat. Ang maliwanag ay mainam sa katawan ang pagkain ng bawang, sibuyas, at ampalaya, kahit hindi sahugan ng de-lata.